

# 1

Ilang minuto bago ang takdang oras ng meeting ay ipinaparada na ni Iris ang segunda mano niyang kotse sa parking space ng isang Thai restaurant. She was not familiar with Thai food, pero pamilyar sa kanya ang lugar at ang mga katabing establishments ng nasabing kainan. Naging tambayan kasi nilang magkakaibigan noong high school ang gusaling dating nakatayo sa lupang iyon.

Papasok pa lamang siya sa glass door ng kainan ay natatanaw na niya ang mesa kung saan nakapuwesto ang Tito Melvin niya kasama ang kaibigan nitong si Jowell.

Mukhang hindi pa dumadating ang client nila. Pero kinakabahan pa rin siya. Mula nang malaman niya kung sino ang kliyenteng naghahanap ng event planner, hindi na nawala ang kabang iyon.

“O, Bonsai! Dumating ka na rin sa wakas,” sabi ng kanyang Tito Melvin. Tumayo ito at marahan siyang tinapik sa ulo. Videographer ito.

Ito ang itinuturing niyang instrumento kaya napasok niya ang event planning industry. Bunsong

kapatid ito ng mommy niya at limang taon lang ang tanda nito sa kanya.

“Hi, Tito!” Binalingan niya ang kasama nito. “Hi, Jowell. Kanina pa ba kayo?”

Nasa photography naman si Jowell.

“Halos kararating lang din namin. Maupo ka,” sabi nito at hinila ang isang silya para sa kanya bago muling naupo. “Katatawag lang pala ni Brent. On the way na daw siya. He was also asking kung naririto ka na. At sinabi kong baka magkasabay lang kayo ng dating.”

Maiksi siyang tumango at pasimpleng hinigit ang paghinga. Matagal na niyang kakilala si Jowell, pero noong isang araw lang niya nalaman na college friend pala nito si Brent.

“Gutom ka na ba, Bonsai? Gusto mo na bang um-order?”

“I’m good, Tito Melvin. But please, call me by my name. May ibang tao tayong kasama,” pairap na sabi niya. Bata pa siya ay ‘Bonsai’ na ang tawag sa kanya ng tiyuhin, at hindi na nabago ang pet name nito sa kanya.

Humalakhak si Melvin. “Naiinis ka ba? Sorry na!”

Inirapan niya lang ito.

Nilingon niya si Jowell na amused na nanonood sa kanila. Ngumiti siya sa lalaki. “Thank you again for recommending us to your friend, Jowell,” sabi niya. “Alam ko namang maraming mas kilala at mas magagaling na event planners sa Manila, pero pinadayo mo pa talaga dito ang kaibigan mo. You’re such a good friend, huh?” Pabiro ang pagkakasabi niya.

Natawa naman kahit paano si Jowell. “Iris, your work is commendable. Hindi ko sinasabi ito dahil pamangkin ka ng isa sa mga kaibigan ko, pero dahil nakita ko firsthand ang galing at dedication mo. Actually, ako ang dapat magpasalamat dahil pumayag ka. Noong una kasi kitang makausap, parang ay ayaw mo.”

Muntik na siyang masamid. Tumikhim siya. “H-hindi naman sa gano’n. Nag-alangan lang talaga ako dahil mas madami talagang magaling sa ’kin, ayokong mapahiya ang tito ko. Bakit naman ako aayaw sa trabaho?”

“Dahil si Brent ang magiging kliyente mo?” Ngumiti si Jowell, nanunudyo. “Balita ko, isa ka sa mga naging chicks niya noong high school kayo.”

Namilog ang mga mata ni Iris. Nag-init ang kanyang pisngi at hindi niya napigilang hampasin ito sa braso.

“H-hindi totoo ’yan, ha! Ano ka?” Inirapan niya ito.

Tinawanan lang siya ni Jowell. Nakisabay pa sa panunudyo nito ang kanyang Tito Melvin.

“Ikaw naman, binibiro ka lang!”

“Masama akong biruin kaya huwag mo nang uulitin,” mapagbantang sabi niya at kinuha ang *iPad* mula sa bag. “Anyway, tungkol sa party ng friend mo, nabanggit na ba niya sa ’yo kung anong theme ang gusto niya?”

Medyo maaga pa para itanong ang ukol doon. She hadn’t even closed the contract with the client yet. At hindi rin dapat si Jowell ang tinatanong niya, pero hindi na niya napigilan ang bibig.

Sumeryoso si Jowell. “Walang nabanggit si Brent. Sa pagkakilala ko sa kanya, he loves music and he’s a good singer. Baka makatuloyng iyon sa mga themes na isa-suggest mo,” sagot nito.

She smiled. Tama si Jowell. Brent loved to sing, at madalas itong kuning isa sa mga performers sa

mga events noon sa eskwelahan nila.

“Music themed birthday party then.” Nag-isip na siya ng puwedeng venue kung sakali. “Malamang karamihan sa mga magiging bisita sa party ay taga-Maynila pa, since do’n naka-base at naroon ang mga negosyo ni Brent?”

“I believe so. And this will be a good opportunity for you, Iris, para mas makilala pa. Kaya galingan mo, okay?” Naroon ang encouragement sa tinig ni Jowell.

“Thank you. Anyway, ilang taon na ba si Brent this February 25?” Ngumuso siya at kinuwenta sa isip ang gulang nito. “Twenty-seven?”

A deep, husky laugh sounded from behind her and Jowell. Napigil niyon ang pagsagot dapat ng katabi. Iris was stunned. At nagtayuan ang pinong balahibo niya sa batok. “I hope you saved some questions for me, Miss Mariano.” The voice sounded amused. “After all, ako ang naghahanap ng event planner at hindi ang kaibigan ko.”

Bumukas at sumara ang mga labi niya sa sandaling kalituhan. When she finally recollected her senses, she took a deep, calming breath. Saka niya nilingon ang nagsalita.

## 2

Si Brent Ramirez daw ang lalaking sinayang ni Iris Mariano. Iyon ay ayon sa ilang kaibigan na nakakaalam ng kanilang kuwento.

Naging masugid na manliligaw niya ang lalaki noong huling taon nila sa high school. Pero binasted niya pa rin si Brent sa kabila ng katotohanang campus heartthrob slash ideal man slash secret crush niya rin ang dating kaklase.

Naniniwala siyang tama lang ang mga rason niya para hindi panghinayangan si Brent. May bali-balita noon sa school na pinagsabay nito ang dalawang nobya (na mabilis ding naging ex-girlfriends). Dinig pa niya, sinuntok ito ng kuya ng isa sa mga babae bago lumipat ang mga iyon ng eskwelahan.

Hindi naman sa basta-basta naniniwala si Iris sa balitang kumakalat sa school. Kaya lang, hirap siyang alamin ang totoong motibo ni Brent sa kanya. Sa edad nila noon na nasa sixteen o seventeen, pakiramdam niya ay magiging laro lang ang relasyon para rito. Bukod pa sa hindi pang-beauty queen ang ganda niya para totoong magustuhan nito.

Isa pa, hinding-hindi rin niya magagawang suwayin ang bilin ng kanyang ama na huwag munang makikipag-boyfriend habang siya ay nag-aaral. Makakasira lang daw kasi iyon sa konsentrasyon niya.

Sa kabila ng pambabasted ay hindi agad tumigil si Brent. Naging matiyaga ito at nagpatuloy lang sa panunuyo. Halos maniwala na nga si Iris na seryoso talaga ito sa kanya.

Hindi nagtagal ay dumating ang graduation day nila. Hiniling ni Brent na magkita sila kinabukasan, sa parke na malapit sa kanilang eskwelahan. May nais lang daw itong sabihin sa kanya...

*“Bakit hindi mo pa ngayon sabihin? Gano’n din naman,” kunwa’y inip na sabi niya. Katatapos lang noon ng programa at palinga-linga siya sa paligid, hinahanap ang mga kaibigan.*

*Ang mommy at daddy niya ay kausap ng ibang parents na bumabati sa mga ito. She graduated with honors kaya naman proud na proud sa kanya ang mga magulang.*

*“This isn’t the right place, Iris,” rason ni Brent. “Kaya bukas mo na lang malalaman.” Kinuha nito ang kanyang kamay at isang regalo ang inilagay nito sa kanyang palad. “Please be there. Hihintayin kita.”*

*“I can’t promise anything. May party sa bahay nina Mayumi at magdamag kami roon.”*

*Isang malungkot na ngiti ang gumuhit sa mga labi nito. “Kapag hindi ka nagpunta, hindi mo na ako makikita.”*

*“Ha?” Napalakas ang boses ni Iris at napatingin siya sa paligid. May mga babaeng nanonood sa kanila. Sanay na siya sa ganoong eksena. Binalingan niya agad ang binata. “What do you mean, Brent? Tinatakot mo ba ’ko? Are you giving me an ultimatum?” May pang-uuyam sa tinig niya, pero naroon ang panic sa kanyang dibdib. Hindi niya ipinahalata ang pangamba. “Look, Brent! Hindi mo ako kailangang takutin. Maliwanag ang sinabi ko sa’yo na wala kang mapapala sa akin.”*

*“Iris, hindi kita tinatakot,” sagot ni Brent. “I just want you to realize and to admit once and for all kung ano ba talaga ako sa’yo. Dahil kahit paulit-ulit mong sabihin na hindi mo ako gusto, hindi iyon ang nakikita ko sa mga mata mo. Ayokong sukuan ka,” he paused, and breathed a gentle sigh, “Kaya sana bukas... sana pumunta ka.”*

*Nang gabing iyon, baon niya sa isip ang mga huling sinabi nito. Pakiramdam niya, isang malaking desisyon ang dapat niyang gawin. At dalawa lang ang maaaring mangyari: bibiguin niya lang ulit ang binata*



o susuwayin niya sa unang pagkakataon ang ama.

At sa dalawang iyon ay iisa lamang ang naramdaman niya: takot.

Hindi niya sinipot si Brent. Ilang araw makalipas iyon ay nabalitaan niyang nagtungo na sa Maynila ang lalaki kasama ang lolo at lola na siyang nagpalaki dito. At mula nga noon ay hindi na sila ulit nagkita pa.

Hindi niya matandaan ang eksaktong naramdaman sa pag-alis na iyon ni Brent, pero alam ni Iris sa kanyang sarili na hinanap-hanap din niya ang presensya nito. Nalungkot talaga siya nang mawala ito. Lungkot na may kasamang panghihinayang dahil hindi man lang sila nagkausap.

And now, after ten long years, they met again for the first time. Siya bilang event planner at ito bilang kliyente.

# 3

Nang makabalik sa kasalukuyan, natagpuan ni Iris ang sarili na kaharap ang isang pamilyar na mukha.

O mas tamang sabihing pamilyar na gwapong mukha.

Nakapuwesto na si Brent sa upuan sa tapat niya. Sa tingin nga niya, nadoble pa ang kagwapuhang iyon sa pagdaan ng panahon. The years had been good to him. Complete package na ang nakikita niya ngayon. Gugustuhin mo itong titigan na lang maghapon para maya't mayang mapabuntong-hininga.

“Brent! Kumusta, pare!” Sa peripheral vision niya ay nakita niyang tumayo si Jowell mula sa kinauupuan. Kinamayan nito ang bagong dating. “Muntik ka na naming iwan, ah. Ang tagal mo kasi!” biro nito.

Isang tawa ang itinugon doon ng kanilang kliyente bago bumaling sa kanya. At sa wakas ay nagtagpo rin ang mga mata nila. Kumurba ang mga labi nito sa isang tipid na ngiti.

“Hi!” Brent greeted her.

She smiled at him. Maingat siyang tumayo dahil damang-dama niya ang pangininig ng mga tuhod. Gusto niyang batukan ang sarili. Hindi niya kasi malaman kung ano ang unang sasabihin. Kaya laking pasalamat niya nang mamagitan si Jowell.

“Iris this is Brent. Brent, Iris. She’s one of the prettiest and brightest event planners in the industry. Alam kong magkakilala na kayo, since the two of you were classmates during high school...”

Pormal na tumango si Brent. “How are you, Miss Mariano?” pormal na bati nito sabay abot ng palad sa kanya.

Tumikhim siya, pilit kinalma ang nagwawalang puso. “I-I’m fine, Mr. Ramirez.” Ngumiti siya at iniabot ang kamay sa lalaki. His hand was big and warm. “I really looked forward to having this meeting with you.”

Naaninag niya ang tila nakakalokong ngiti sa mga labi ng kaharap. Bagay na hindi niya nagustuhan, pero hinayaan na lamang niya. Baka naman wala talagang kapilyuhan sa ngiti nito, baka nai-imagine lamang niya. At baka wala ring ibig sabihin ang bahagyang pagpisil nito sa nanlalamig niyang palad. Baka ganoon lang talaga ito makipagkamay.

“I doubt that,” sambit ni Brent na ikinalito niya. Binitiwang nito ang kanyang kamay. His perfectly shaped nose was intimidating. “Sa dami ng itinanong mo kay Jowell, parang mas gusto mo siyang ka-meeting.”

Napahalakhak si Jowell. Nag-init naman nang husto ang mga pisngi ni Iris. Naupo na sila matapos magkamay ang uncle niya at ang kliyente.

“Our apologies, Mr. Ramirez,” sabat ni Melvin. “Excited lang ang pamangkin ko sa magiging trabaho niya sa ’yo. By the way, I’m Melvin Silayan. I am the owner of *CineStories*.”

“Nice to see you again, Mr. Silayan,” sagot ni Brent na agad inabot ang kamay ng kanyang Tito Melvin. “Don’t worry, I’m just teasing your niece.”

Her uncle chuckled. “Nagkakilala na tayo last year sa isang corporate event sa Manila. Kasama ang team ko sa nag-cover doon.”

“Yes, I remember,” sagot ni Brent.

Alam din ni Iris ang tungkol sa event. At oo, naroon ang grupo ng Tito Melvin niya para mag-cover sa ginanap na seminar. Muntik na nga rin siyang mapasama roon kung hindi lang siya may importanteng lakad.

“Isa ka sa mga guest speakers sa seminar,” ani Melvin.

Ngiti lang ang itinugon doon ni Brent. Tumingin ulit ito sa kanya.

“So, Iris, what do you say? Tingin mo puwede nang pumirma ng kontrata sa ’yo si Brent?”

Sandali siyang natigilan. “O-oh... well, surely it’s up to M-Mr. Ramirez here. Siya ang kliyente. Mas dapat na sa kanya manggaling ang desisyon. Besides, I’ve yet to discuss my terms and the packages...” Her voice trailed off then, “Shall we start?”

“Are you in a hurry, Miss Mariano?” Brent asked, flashing his lopsided smile. “May iba ka pa bang appointment maliban sa akin?”

Natilihan si Iris. Hindi yata siya masasanay na tinatawag nitong “Miss Mariano” kahit na nga ba iyon ang karaniwang address sa kanya ng mga bagong kliyente.

“W-wala naman, Mr. Ramirez. Hindi rin ako nagmamadali. Ang sa akin lang ay baka importante ang oras n’yo kaya mabuting dumiretso na tayo sa totoong purpose ng meeting. But of course, as our client, kayo ang masusunod. Makakapaghintay ang anumang idi-discuss ko sa ’yo. We could eat first, if

that's what you like." Then she beamed him a smile. A fake smile.

"Good idea."

"Tama," sabat ni Jowell. "Puwede naman kayong mag-usap habang kumakain or pagkatapos..."

Tinawag ni Melvin ang isang waiter at pumili sila sa menu folders na iniabot nito.

"Anyway, do you have an office here, Miss Mariano?" tanong ni Brent nang makaalis ang waiter. "Gusto ko sanang sa susunod ay doon na lang tayo mag-usap."

Napatingin siya sa dalawa pang kasama. Sa hitsura ni Jowell, parang gusto na naman nitong sumabat sa usapan. Ang tiyuhin niya ay nagkikibit-balikat lang.

"Yes, I do have an office here. It's located in the town proper, Mr. Ramirez. Kung hindi nabanggit sa 'yo ng kaibigan mo, it's because it's still under renovation. May assistant din ako, pero kasalukuyang nasa bakasyon."

Pagkatapos nilang kumain ay inisa-isa ni Iris kay Brent ang mga packages na puwede nitong pagpilian para sa birthday party. Ipinaliwang pa rin niya kay

Brent kung bakit nasa terms and conditions ang fifty percent down payment kahit na sinabi na nitong hindi iyon magiging problema.

“Ilan kasi sa components ng event ay nagrequire din ng downpayment mula sa ’kin, since ibubook ko na sila. Halimbawa na d’yan ang photo and video coverage. At non-refundable ang downpayment kung sakaling mag-cancel kayo bigla.”

“I understand, Miss Mariano. And rest assured, walang cancellation na mangyayari. I’ll be needing you until the very last minute of this event.”

Natigilan si Iris. Parang may namumuong bikig sa kanyang lalamunan. Her heart was hammering so bad na tila gustong umalpas sa kanyang dibdib. Bakit ba may kakaibang dating sa kanya ang isinagot ni Brent? Trabaho ang pinag-uusapan nila!

Pagkatapos niyon ay panay lang ang pagsangayon ni Brent sa sinasabi niya. Hindi niya inaasahan ang pagtutol nito kung kailan patapos na sila.

“What do you mean, Miss Mariano?” Umaarko ang makakapal na kilay nito. “Puwede mong iwan ang trabaho mo at ipasa na lang sa ibang organizer? Ikaw ang nag-umpisa, pero iba ang tatapos?”

“On reasonable grounds, Mr. Ramirez, gaya ng

pagkakaaksidente o pagkakaroon ng malubhang sakit. O kung kailangan kong umalis para sa isang importanteng bagay,” paliwanag niya.

“Brent, I’m sure you’re aware,” sabat na ni Jowell. “Ganyan talaga. May policy pa rin na kailangang ipatupad kahit nasa freelancing field. May pangyayari kasi na na-hold up at muntik nang mapatay ang isang organizer, pero idinemenda pa ito ng mga kliyente dahil ang akala ay tinakasan sila.”

Natahimik si Brent, sandaling nag-isip. “I get that. Napakalayo namang mangyari na idemanda ko si Miss Mariano,” sabi nito kay Jowell bago matamang tumingin sa kanya. “Pero hindi mo naman siguro ako ipamimigay sa iba, tama?”

Hindi na naman siya agad nakasagot. Sumikdo kasi ang dibdib niya at parang bumara ang puso ni Iris sa kanyang lalamunan.

“I won’t do that, Mr. Ramirez. Tatapusin ko ang trabaho ko sa ’yo...”

Tumango si Brent. “That’s good to hear. I trust you’ll take extra care of yourself, Miss Mariano. Totoong maraming gago sa paligid ngayon. At hindi ka rin magkakasakit. Not while you’re supposed to be working for me.”



*Ano, bawal magkasakit?*

Gustong mapailing ni Iris. Narinig niya ang pag-ring ng cell phone ng kausap kasabay ng mahinang tawanan nina Jowell at Melvin.

Kinuha ni Brent ang cell phone nito at pinatay ang tawag.

“Masyado kang nag-aalala, Mr. Ramirez!” sabi ng Tito Melvin niya nang maitago ni Brent ang gadget. “You don’t need to worry about Iris. Maliit lang ’yan sa sukat, pero malakas ’yan at matapang! Kahit mga lalaki nga takot diyan.”

Humalakhak si Melvin at nakitawa ulit dito si Jowell. Sinimangutan niya ang dalawa.

“Really?” ani Brent na naningkit ang mga mata sa kanya. Parang hindi ito naniniwala sa sinabi ng tiyuhin niya. “Hmm. I’d like you to prepare the contract ASAP. And make sure that you’re free on February 25.”

Namilog ang mga mata ni Iris sa bilis ng desisyon ni Brent. “N-ngayon na? P-pero hindi ko pa naiisa-isa sa ’yo ang laman ng mga bundles—”

“No need. I want the *Customized Package*,” sagot nito.

Bagaman nabanggit na, hindi pa niya iyon nadi-discuss dito. Ang naiipaliwanag pa lang niya ay ang mga fixed-priced regular bundles.

Napatingin siya sa mga kasama sa mesa. Malaking-malaki ang ngiti ni Melvin at halatang masaya rin si Jowell. Ibinalik niya ang tingin kay Brent.

“Pag-usapan natin ang ideas ang components sa susunod na meeting natin.” Muling nag-ring ang cell phone nito. Kinuha nito iyon. “Excuse me,” paalam nito at tumayo, at nagtungo di kalayuan sa kanilang mesa.

Pasimpleng sinundan ni Iris ng tingin ang lalaki. Mukhang nadagdagan pa ang taas nito sa pagdaan ng mga taon. Napakakisig nito sa suot na grey V-neck shirt, puting sneakers, at maong na pantalon. Sa bawat pagkilos ni Brent ay lalong humuhulma sa tela ng kamiseta ang mga muscles nito sa likod at mga braso.

Dati nang maganda ang pangangatawan ni Brent. Pero naging mas defined ang kalmanan nito ngayon, mas lumapad ang mga balikat at dibdib. Lalaking-lalaki.

Mabilis niyang binawi ang tingin nang pumihit

*25 Ways to Win Him Again - Dani Alba*

---

si Brent sa gawi niya. Napabuga siya ng hangin sa kaba. He almost caught her studying him. So sa next meeting na nila pag-uusapan ang iba pang detalye? Why, she couldn't wait! She couldn't wait na matapos na ang hindi pa nasisimulang trabaho rito.

# 4

“Brent? Si Brent Ramirez ang bago mong client?” bulalas ni Jackie matapos niyang ikuwento sa mga kaibigan ang pagkikita nilang muli ng lalaki. “OMG! Destiny ba ’yan?”

Iris grimaced. “Anong destiny? Nagkataon lang na may common friend sila ni Tito Melvin. At kilala ako ni Jowell kaya ako ang ini-recommend niyang planner kay Mr. Ramirez.”

“So tadhana nga!” ani Mayumi. “Tadhana na magkita ulit kayo for a second chance!”

Muntik na siyang masamid sa iniinom na juice. “Ano ba ang sinasabi n’yo? Saan galing ang idea ng second chance? Walang second chance dahil wala namang first chance. Hindi naging kami...” Pinagsalubong niya ang mga kilay at iiling-iling na isinubo muli ang straw.

“Pero may chance na maging kayo noon,” kontra ni Mayumi. “Sinayang mo lang dahil natakot ka at si Brent naman ay biglang umalis.”

“Girls, that’s enough!” saway ni Kayla sa mahinahon nitong tinig. “Tigilan n’yo ’yang

pambubuyo kay Iris sa sinasabi ninyong lalaki na sinayang niya. Tanggapin n'yo na lang na hindi lahat ng babae ay nangangailangan ng love life—”

“You mean, unlike Yumi and me?” putol ni Jackie.

“Mismo,” ani Kayla. “Let’s just all be happy dahil dumadami na ang nagtitiwala sa kakayahan ng kaibigan natin kahit mahigit dalawang taon pa lang siya sa industry.”

Iris smiled. “Thank you. At saka, guys, alam n’yo naman na kailangan ko ’to, di ba? I need all the projects I can get. Para naman mapatunayan ko sa parents ko na hindi ako nagkamali ng desisyon na iwan ang pagtuturo at mag-focus na lang dito.”

“Iris, alam mo naman na suportado ka namin,” ani Mayumi. “Pero napansin ko lang, girl. Kanina ka pa Mr. Ramirez nang Mr. Ramirez. At sabi mo, never ka niyang tinawag na Iris, panay Miss Mariano. Napakapormal ng tawagan ninyo, ha! Para namang wala kayong pinagsamahan n’yan.”

Tumaas ang mga kilay niya. “Eh, ano nga ba ang pinagsamahan namin? Wala naman talaga. Ni hindi ko naging kaibigan ang lalaking ’yun. At ngayon na kliyente ko pa siya, dapat lang na formal and professional ang pakitungo ko sa kanya.” Nagkibit

siya ng balikat.

“So kailan pala ang sunod na meeting ninyo?” tanong ni Kayla.

“Hinihintay ko pa ang tawag o text niya,” pabalewalang sagot ni Iris.

“Tbig sabihin, kinuha niya ang number mo...” tudyo ni Jackie.

Pinaikot niya ang mga mata. Iniisip pa lang niya na magkikita sila ni Brent ay nagpa-panic na siya. “Jackie, paano niya ako kokontakin kung hindi niya kukunin ang number ko? Alangan namang lagi niyang padaanin kay Tito Melvin o kay Jowell ang mensahe.”

“Oo nga naman, Jackie. Saka kailangan nilang magkita nang madalas kasi masyado na raw busy si Brent sabi nitong friend natin. Nakatanggap nga lang daw ng tawag, eh, nagpaalam na kaagad. At since professional itong si Iris, she would always be at his beck and call...”

At nagtawanan ang mga bruha.

Nasabi nga ni Brent na wala itong masyadong free time kaya mas *siya* ang mag-a-adjust. Okay lang iyon kay Iris. Trabaho iyon. Totoong nagpaalam ito

kaagad kanina matapos ang natanggap na tawag. Ang nakapagpairita sa kanya ay nang bigyan siya nito ng tseke kung saan nakasulat ang halaga na sobra sa hinihinging down payment para sa bundle na pinili nito.

Sinobrahan daw talaga nito para hindi siya lugi sa pagod niya at para mas malaya siyang makapili ng materyales at serbisyong kukunin.

*Ang yabang lang!*

Hindi niya alam kung bakit, pero hindi naman ganoon ang perception niya sa ibang kliyente.

Ang una kasing pumasok sa isip niya ay, ano ba ang akala nito sa kanya, walang pangkape? Walang pang-gas?

She should be happy. Talagang dapat matuwa ang event planner pag galante ang kliyente. Hindi pa man ay parang may bonus na agad siya mula rito.

Pero iba talaga ang pakiramdam niya sa ginawa ni Brent. Pakiwari niya ay minamata nito ang kanyang trabaho. Por que ba mayaman na ito at successful sa lahat ng negosyong pinasok?

Hagikhikan nina Mayumi at Jackie ang narinig niya mayamaya. Nakita niyang nagtitinginan at

nagkikindatan ang mga ito. Si Kayla ay busy sa cell phone.

“You look so... tense,” puna ni Jackie habang pinagmamasdan siya.

“Angry,” pagtatama ni Mayumi. “Parang tinitiris niya si Brent sa utak niya.” At nagtawanan ulit ang dalawa.

“Meeting pa lang ’yan. Matapos mo kaya ang trabaho mo sa kanya nang hindi inaatake?”

Pinaikot niya ang mga mata at hindi na lang pinatulan ang hirit ni Jackie. Sa kanyang bibig na mismo nanggaling na tatapusin niya ang trabaho niya sa lalaking iyon. Anyway, nasa second week pa lang sila ng January at sa last week pa ng susunod na buwan ang event nito.

Pasado alas doce ng hatinggabi nang magkayayaan silang umuwi ng mga kaibigan. Si Kayla ay isinabay na si Jackie, samantalang si Mayumi na tamad magdala ng sariling sasakyan ay sa kanya ulit nakisabay dahil nadadaan lang niya ang apartment nito.

“Akitin mo kaya si Brent?” ani Mayumi.

“H-ha?” Hindi niya matiyak kung seryoso ito o nagbibiro, pero kita niya ang makahulugang ngiti sa



mga labi ng kaibigan.

Tumuwid ito ng upo. “Ang sabi ko, akitin mo si Brent. Samantalahin mo ang pagkakataon na magkakasama kayo parati.”

Gusto niya itong kutusan at bungangaan dangan lamang at nasa manibela siya. Ano bang kabaliwan ang ipinapasok nito sa utak niya?

Bahaw siyang natawa. “Bakit ko naman gagawin ’yan?”

“Dahil nanghihinayang talaga ako sa inyong dalawa. Brent’s a good guy. Win him back, Iris.”

Napailing-iling siya sa pinagsasabi nito. “You’re crazy, Yumi. Ano ba kinakain mo at ganyan ang mga naiisip mo? Aakitin ko si Brent para, ano? Yums, iba na ang buhay nung tao. Sa estado niya ngayon, I’m sure sangkaterba ang mga babaeng umaaligid doon. Baka nga may girlfriend na siya o kung hindi man ay asawa,” aniya at nilunok ang bikig sa lalamunan. Hindi rin niya pinansin ang kakaibang lungkot na nakiraan sa kanya.

“Paano kung single pa rin siya? Girl, chance mo na ’yan!”

“Hindi ka talaga titigil, ano?” tatawa-tawang sabi

niya. “Aakitin ko siya habang nagtatrabaho ako sa kanya? God, Yumi! Ilalagay ko lang ang sarili ko sa kahihyan. Ilalagay ko rin sa alanganin ang propesyon ko.”

“Hindi mo naman ipapahalata ang gagawin mo. Do it in a subtle way. Ngayon kung mahalata ka ni Brent, ibig sabihin lang no’n, affected siya sa ’yo. Affected pa rin siya sa ’yo, at ’yun mismo ang kailangan mong malaman. Kung may feelings pa siya sa ’yo, eh, di masaya!”

“And why do you think would it mean happiness to me?”

“Because you *like* Brent,” sabi nito sa tonong may diin at siguradong-sigurado. “Hindi mo ’yan inamin, pero hindi mo rin itinanggi! At sa tuwing binabasted mo siya noon, mananahimik ka kinabukasan o hanggang sa manligaw siya ulit na parang pinagsisisihan mo ang ginawa mo.”

“Wala akong pinagsisisihan sa mga ginawa ko noon. Tama lang na naging maingat ako dahil ang babata pa namin. At tama lang din na sinunod ko si Daddy.”

“But you regretted those times, my dear. Admit it.”

“Fine,” pag-amin niya, tutal wala na ring dahilan para itago pa iyon. It was all in the past. “Nalungkot? Oo. Nanghinayang? S-siguro. Pero matagal nang tapos ’yun. Tahimik na ang buhay namin ni Brent. At ayokong haluan ng kalokohan ang trabaho ko.”

“Girl, pakiramdaman mo muna ang sarili mo sa mga susunod na pagkikita n’yo ni Brent, at saka ka magsalita nang tapos,” sabi ni Yumi. “Dahil kung binigyan kayo ng tadhana ng pagkakataon para magkasama ulit, dalawa lang ang puwede mong gawin. Grab the chance or let it pass you by again.”

Mabuti na lang at kahit ginugulo ni Yumi ang isip niya ay maayos pa rin ang kanyang pagmamaneho.

“You know what, ipapahiram ko sa ’yo ang isa sa mga magazines ko. May article do’n entitled *25 Ways To Win Him Again*. Basahin mo para makakuha ka ng tips.”

“Are you serious?” Natawa siya, napailingiling sa suhestiyon ni Mayumi. Pero hindi niya rin maintindihan ang biglang pagsipa ng kanyang puso. Nakikiayon ba ito sa baliw na ideya ng kaibigan niya?

“As a heart attack. Basahin mo. May matututunan ka do’n.”

“D’un mo ba kinuha ang tips na ginamit mo para

magkabalikan kayo ng college sweetheart mo?”

“Maybe.” Tumawa si Yumi. “Basta, n’ung una kong nabasa ’yon, ikaw agad ang naalala ko. Kasi naman, imposibleng wala ka ni katiting na malisya sa bago mong kliyente. Imposibleng hindi mo siya tinitingan kapag hindi siya nakatingin sa ’yo. Imposibleng hindi mo naiisip kung paano pala kung naging boyfriend mo siya noon. Masarap kaya siyang humalik? Halimaw kaya siya pagdating sa kama?”

Namilog ang mga mata niya sa kagarapalan ni Mayumi. Kung hindi lang talaga siya napakaingat magmaneho ay malamang na nahampas na niya ito.

“Luka-luka ka talaga, ano! Alam mo, hindi dapat Mayumi ang pangalan mo, eh!” asik niya na pinagtawanan lamang nito.